COVID-19 VACCINE
Public Health Advice

# Pagkuha ng aking bakuna sa COVID-19



May karamdaman na tinatawag na COVID-19 na maaaring magkasakit ang mga bata. Minsan ito ay tinatawag na coronavirus.




Mapipigilan nito ang pagpasok natin sa paaralan at pakikipagkita sa ating mga kaibigan.



Maraming bata at adult ang nabakunahan na sa COVID-19.




Makakatulong ang ating mga bakuna sa COVID-19 na maprotektahan tayo sa pagkakasakit nang malubha.



Maaaring makatulong ang mga bakuna na ihinto ang pagkalat ng COVID-19 - pinapanatiling ligtas ang mas marami sa atin.



Pupunta ako para kunin ang aking bakuna sa COVID-19.



Isang may sapat na gulang ang magdadala sa akin para kunin ang aking bakuna at mananatiling kasama ko sa buong oras.



Maaari kong dalhin ang aking paboritong libro, teddy o laruan. Maaari ko ring dalhin ang aking mga ear defender o headphone.



Kapag ako na, ang nakatatanda na nagdala sa kin ay umuupo sa silya at umuupo ako sa kanilang kandungan, kung gusto ko.



Minsan, maaaring magsuot ng face mask ang mga kawani at adult. Baka hilingin din nila sa akin na magsuot ng face mask. Ito ay para protektahan ako at ang mga tao sa paligid ko na magkasakit.



Maraming alam ang taong nagbibigay sa akin ng bakuna at pwede akong magtanong sa kanila.



Kapag handa na ako, mabilis akong iniiniksyunan sa aking braso o paa. Baka makaramdam ako ng bahagyang kurot.



Matapos ang aking bakuna, hihilingin sa akin na maghintay ng ilang saglit.



Pagkatapos ay oras nang umalis at umuwi.



Kapag nakauwi na ako, baka makaramdam ako ng init o kapaguran o sumakit ang ulo. Baka medyo kumirot din ang aking braso o paa.



Maaari akong bigyan ng ilang gamot ng isang nakatatanda par bumuti ang aking pakiramdam.



Ang mga batang 6 na buwang gulang hanggang 4 na taong gulang ay mayroong 3 iniksyon. Ang mga batang 5 taong gulang o mas matanda, ay mayroong 2. Pupunta kaming muli sa vaccination cntre para sa susunod kong bakuna.



Tumutulong tayo na panatilihing ligtas ang lahat dahil mayroon tayong bakuna sa COVID-19.

**Para sa mas maraming impormasyon sa COVID-19, mangyaring pumunta sa hse.ie Para sa impormasyon sa kalusugan ng pagbubuntis, sanggol at toddler, pumunta sa mychild.ie**